San Diego Unified School District

BIGYANG PANSIN MGA MAGULANG, TAGAPAG-ALAGA, GURO, AT MAG-AARAL

MGA MAHALAGANG KAALAMAN TUNGKOL SA MGA KAGAMITAN SA PAG-AARAL, KAPALIGIRAN NG PAARALAN, AT MGA GURO

Ang seksiyon 35186 ng ***Batas sa Pag-aaral*** ng California ay nagsasaad na kayo'y mabigyang kaalaman sa mga sumusunod:

1. Kailangang may sapat na aklat at mga gamit sa pag-aaral. Ibig sabihin na ang bawat mag-aaral, kabilang na ang mga nag-aaral ng English, kailangang may aklat o kagamitan sa pag-aaral, o kapuwa na gamit sa klase at para iuwi sa bahay.

2. Ang mga kapaligiran ay dapat na malinis, matiwasay, at pinanatiling maayos at nakumpuni.

3. Kailangang walang bakanteng puwesto ng guro o maling pagkakapuwesto. Kailangang may gurong nakapuwesto sa bawat klase at hindi mga kahalili o kaya pansamantalang guro. Ang guro ay dapat na may katunayang makapagturo sa klase, kabilang ang sapat na katunayang kakailanganin sa pagturo ng mag-aaral ng English kung mayroon man.

   Ang ibig sabihin ng bakanteng guro ay isang puwestong dapat na na may guro pero wala pang nakatalaga sa simula ng taon para sa buong taon o, kung ang puwesto para sa isang semestre, isang puwestong dapat na may guro ngunit wala pang nakatalaga sa simula ng semestre para sa buong semestre.

   Ang ibig sabihin ng maling pagkakapuwesto ay ang paglagay ng isang kawani sa pagtuturo kung saan ang kawani ay walang hawak na legal na katunayan sa pagtuturo o sa tungkulin kung saan ang kawani ay hindi pahihintulutan batay sa kautusan na pinanghahawakan.

4. Ang mga mag-aaral na hindi nakapasa sa isa o kapuwa bahagi ng pagsusulit sa paglabas ng mataas na paaralan sa katapusan ng ika-12 baitang ay karapatdapat tumanggap ng puspos na pagtuturo at paglilingkod hanggang sa dalawang magkasunod na araling taon pagkatapos na matapos ang ika-12 baitang, o hanggang ang mag-aaral ay nakapasa sa kapuwa bahagi ng pagsusulit, alinman ang mauna.

Kung sa inyong palagay itong mga kailangan ay hindi natutupad, makakakuha kayo ng "Uniform Complaint Form" sa tanggapan ng paaralan o sa "Office of General Counsel" sa distrito sa 4100 Normal Street, Room 2148, San Diego, CA 92103. Maaari ring kunin ang kopya ng papel sa pagrereklamo ng California Department of Education sa sumusunod ng websayt: http://www.cde.ca.gov/re/cp/uc.